Interstate BRIDGE Replacement Program

Mga Resource para sa Lakas-paggawa | Mayo 2024

Magtrabaho Kasama Namin!

Ang programang Interstate Bridge Replacement (IBR, Pagpapalit ng Tulay sa Pagitan ng mga Estado) ay nagtatayo ng mas ligtas na koneksiyon para sa maraming mode para sa lahat ng nagbibiyaheng tumatawid sa Columbia River, habang nagtataguyod din ng mas matitibay na komunidad sa tulong ng pagsuporta sa pagkakataong pang-ekonomiya. Upang maihatid ang mga pamumuhunang ipinapanukala ng programang IBR, kakailanganin ng libo-libong manggagawang may kasanayan sa mga kalakalan mula sa semento at bakal hanggang sa pamamahala ng proyekto at pagtiyak ng kalidad. Ang lakas-paggawang may kasanayan at may iba't ibang pinanggalingan (diverse) na handang tumugon sa mga hamon sa hinaharap ay napakahalaga upang magtagumpay ang programa.

Ano ang itatayo?

Sa Programang IBR, papalitan ang naluluma nang Interstate Bridge sa ibabaw ng Columbia River ng isang estrukturang matibay laban sa pagyanig at para sa maraming mode, na maglalaan ng mga ligtas at naaakses na opsiyon para sa pagmamaneho, paglalakad, pagbibisikleta, pagpapagulong, at pagsakay sa transit. Kasama sa mga panukalang pamumuhunan para sa programang IBR ang:

- Isang bagong tulay sa kanluran ng kasalukuyang estruktura.
- Pagpapaganda sa pitong interchange sa hilaga at timog ng Columbia River.
- Pagpapalawig ng light rail mula sa Expo Center sa Portland hanggang sa Evergreen Boulevard sa Vancouver at iba pang pagpapaganda kaugnay nito.
- Pagpapagandang pakikinabangan ng mga taong naglalakad, nagbibisikleta, sumasakay, at nagpapagulong.
- Pagdaragdag ng express bus na walang emisyon sa gilid ng buong tulay.
- Tatlong daanang lane at pagdaragdag ng hindi bababa sa isang pang-alalay na lane.
- Pangangalap ng pondong may nagbabagong rate para sa mga motoristang gumagamit sa tawiran ng ilog upang makatulong na pondohan ang mga pagpapaganda at pangangasiwa ng trapiko.

Mga Pangangailangan sa Lakas-paggawa at Pagsuporta sa Pagkakaiba-iba at Pagsali sa Lahat

Kumikilos ang mga industriya ng konstruksiyon at mga kalakalan upang maisulong ang pagbibigay ng trabaho sa mas maraming babae, taong may kulay, at beterano sa buong lakas-paggawa. Nakaayon ang mga programang ito sa mga panrehiyon at pambansang layuning magpatrabaho sa mas diverse na lakas-paggawa at sumuporta sa kulturang patas kung saan kasali ang lahat. **Nagsisikap ang programang IBR na magtakda ng halimbawang nagpapakita kung paano nakapagtatakda at nakatutugon ang malalaking proyekto ng impraestruktura sa mga layuning magpatrabaho sa diverse na lakas-paggawa upang makapaghatid ng mga pamumuhunan sa transportasyon.** Upang maunawaan nang mas mabuti ang labor market ng konstruksiyon sa kabayanan ng Portland-Vancouver, nagpakomisyon ang programang IBR ng isang pag-aaral upang matukoy ang mga pagkakataon at kakulangan sa lakas-paggawa ng rehiyon sa loob ng mga susunod na ilang taon.

Ayon sa pag-aaral tungkol sa lakas-paggawa, nagpakita ang lakas-paggawa ng rehiyon ng matatag na paglago sa nakaraang ilang taon, pero hindi sapat ang bilang ng mga manggagawang babae at taong may kulay upang matugunan ang tumataas na demand para sa mas diverse na lakas-paggawa. **Tinukoy sa pag-aaral na ito ang mahigit 100 malalaking pampublikong kapital na proyekto na mangangailangan ng tinatayang 22,000 manggagawa sa konstruksiyon, na may mga average na layunin sa diversity o pagkakaiba-iba na nagmumungkahi ng panlimang taong demand para sa 3,800 apprentice, 4,700 taong may kulay, at 2,500 babaeng manggagawa sa konstruksiyon.** Ang pag-aaral ay isang mahalagang unang hakbang sa mga pagsisikap ng programa upang magkaroon ng pagkukusa kung paano ito nagsasagawa ng mga pamamaraang may epekto upang madagdagan ang diversity at maisali ang lahat sa panrehiyong lakas-paggawa.

Interstate BRIDGE Replacement Program

Mga Resource para sa Lakas-paggawa

Mga Pagkakataon para sa Trabaho sa Hinaharap

Ang konstruksiyon ng programang IBR ay lilikha ng mga pagkakataon para sa iba't ibang trabaho sa loob ng mahigit isang dekada ng paggawa, mula sa mga entry-level na posisyon ng mga manggagawa hanggang sa mga tungkulin bilang tagapamahala sa site ng trabaho.

Magkakaroon ng pangangailangan para sa mga manggagawang may kasanayan at entry-level sa maraming iba't ibang larangan kabilang na ang, pero hindi nalilimitahan sa:

- Pagsusubaybay sa kalidad ng hangin, ingay, at tubig
- Arkitektura
- Pag-aspalto ng kalsada
- Klerikal
- Semento
- Pamamahala ng konstruksiyon
- Pagtatantiya ng gastos
- Pag-aalis ng tipak
- Paggiba
- Pagdidisenyo
- Pagpoposte
- Elektrikal
- Paghuhukay
- Suporta sa mga pasilidad
- Pinansiyal
- Barandilya
- Independiyenteng pagtatantiya ng gastos
- Pagsusuri sa laboratoryo at materyales sa site
- Paggawa ng landscape
- Pagpipinta
- Pangangasiwa ng permiso
- Pamamahala ng proyekto
- Pakikipag-ugnayan sa publiko
- Pagpapanumbalik sa ilalim ng tulay
- Lansangan/pag-aspalto ng kalsada
- Pag-iiskedyul
- Seguridad
- Konstruksiyon ng landas na maraming gumagamit
- Karatula
- Mga pader na pantunog at pampatibay
- Paggawa/pagkakabit ng bakal
- Pamamahala ng tubig-bagyo
- Pag-survey
- Pagsusubaybay ng third-party sa konstruksiyon
- Pagkontrol sa trapiko
- Mga pasilidad para sa transit
- Pagmamaneho ng trak
- Paglilipat ng utility
- Pangangasiwa sa matubig na lupa

Mga Lokal na Resource para sa mga Naghahanap ng Trabaho:

Mga Grupo sa Komunidad

- Worksystems, Inc. (mga county ng Multnomah at Washington)
- Workforce Southwest Washington (mga county ng Clark, Cowlitz, at Wahkiakum)
- Clackamas Workforce Partnership (Clackamas County)
- Prosper Portland (Multnomah County)
- Partners In Careers (Clark County)
- Innovative Services NW (Clark County)
- Portland Workforce Alliance (Metro area)

Mga Ahensiya ng Pamahalaan

- Oregon Bureau of Labor and Industries (Kawanihan ng Paggawa at mga Industriya ng Oregon)
- WSDOT PASS Program (Programang Pre-Apprenticeship & Supportive Services (PASS, Mga Serbisyo Bago Maging Apprentice at Pansuporta) ng Washington State Department of Transportation (WSDOT, Kagawaran ng Transportasyon ng Estado ng Washington))
- ODOT Employment Program (Programa sa Trabaho ng Oregon Department of Transportation (ODOT, Kagawaran ng Transportasyon ng Oregon))
- Washington Department of Labor & Industries (Kagawaran ng Paggawa at mga Industriya ng Washington)

Upang alamin pa ang tungkol sa pagsasanay at mga apprenticeship sa trabaho, pumunta sa aming website:
interstatebridge.org/DBEpartners

Makipag-ugnayan sa amin upang malaman ang tungkol sa mga resource:

Puntahan: interstatebridge.org/DBEpartners

Email: workforce@interstatebridge.org

Puntahan kami sa mga oras ng tanggapan ng IBR:

Puntahan: SignUpGenius

Email: info@interstatebridge.org

Tawagan: 888-503-6735

Magpareserba para sa 30 minuto nang maaga nang 24 na oras o higit pa.

SUBAYBAYAN KAMI

OREGON

Para sa mga akomodasyon sa ADA (Americans with Disabilities Act) o Civil Rights Title VI (Pamagat VI ng Mga Karapatang Sibil), mga serbisyo ng pagsasalin/interpretasyon, o iba pang impormasyon, tumawag sa 503-731-4128, TTY 800-735-2900 o Oregon Relay Service 7-1-1.

WASHINGTON

Puwedeng humiling ng mga akomodasyon para sa mga taong may mga kapansanan sa Washington, kung makikipag-ugnayan sa WSDOT Diversity/ADA Affairs team (pangkat para sa Mga Usapin ng Pagkakaiba-iba/Americans with Disabilities Act (ADA, Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan) ng WSDOT) sa wsdotada@wsdot.wa.gov o tumawag nang walang bayad sa 855-362-4ADA (4232). Ang mga taong bingi o nahihirapang makarinig ay maaaring humiling kung tatawag sila sa Washington State Relay sa 711. Ang sinumang taong naniniwalang nilabag ang kaniyang proteksiyon para sa Title VI ay maaaring maghain ng reklamo sa Office of Equity and Civil Rights (OECR, Tanggapan ng Pagiging Patas at Mga Karapatang Sibil) ng WSDOT. Tagapangasiwa para sa Title VI kung makikipag-ugnayan sa (360) 705-7090.